



PAG-AARESTO NG ICE SA MGA TAHANAN PROTEKTAHAN ANG IYONG MGA KARAPATAN



Isabit ito sa inyong pintuan upang maalala ang mga importanteng karapatan at detalye sakaling pasukin ng ICE ang iyong tahanan.

Kung mayroong mga opisyal na pumunta sa aking tahanan, malalaman ko ba kung sila ay galing sa ICE?

Hindi palagi! Babala: Kadalasan ay nagpapanggap na pulis ang mga ahente ng ICE, at sasabihing nais ka nilang makausap tungkol sa pagnanakaw ng iyong identidad/pagkakakilanlan o kaya ay tungkol sa isang kaso na kasalukuyang iniimbestigahan. Kapag sinabi nila na sila ay mga “Pulis,” hilingin na isilid ang kanilang kard o ang “warrant” sa ilalim ng pinto.

Kailangan ko bang papasukin ang ICE sa aking tahanan?

Hindi kinakailangan papasukin ang ICE o mga pulis maliban na lamang kung sila ay may nilagdaang “warrant” ng hukom na nagbibigay awtorisasyon na arestuhin ang sinuman sa iyong tahanan. Hilingin na isilid ang “warrant” sa ilalim ng pinto bago ito buksan. Kadalasan ay walang dalang “warrant” ang ICE at nangangailangan lamang ng permiso mula sa iyo upang makapasok sa inyong tahanan. Ang pagbubukas ng pinto para sa ICE ay hindi nangangahulugan na sila ay iyong pinahihintulatang pumasok.

“Paki silid ang warrant sa ilalim ng pinto”

“Hindi ko nais sumagot sa anumang mga katanungan”

Kung nasa loob ng aking tahanan ang mga ahente ng ICE, maaari ko ba silang paalisin?

HUWAG MAGSINUNGALING. HUWAG TUMAKAS O MANLABAN SAKALING MAARESTO.

Sabihing, “**Hindi ko nais sumagot sa anumang mga katanungan,**” at hilingan na mag-iwan sila ng impormasyon kung saan sila ay maaaring makontak.

Kung sila ay pumasok nang walang pahintulot, sabihing “**Hindi ko ito pinahihintulutan. Nakikiusap ako na kayo ay umalis sa aking bahay.**”

“Hindi ko ito pinahihintulutan. Nakikiusap ako na kayo ay umalis sa aking bahay.”

Maaari bang pumasok ang ICE sa lahat ng mga kuwarto at manaliksik ng mga ispesipikong tao o kagamitan sa bahay?

Hindi maaaring manaliksik ang ICE sa iyong tahanan o kagamitan nang walang pahintulot mula sa iyo, o kung sila ay walang hawak na “warrant” mula sa hukuman. Kung sila ay nasa loob ng iyong tahanan at nagsimulang manaliksik, sabihing “**Hindi ko pinahihintulutan ang pananaliksik na ito. Nakikiusap ako na kayo ay umalis sa aking bahay.**”

Ulit-ulitin ang mga salitang ito, lalo na kung sila ay naghahanap, kumukuha o sinusubukang kumuha ng litrato ng iyong mga dokumento, kahit na hindi nila nirerespeto ang iyong mga karapatan.

Huwag magbigay ng anumang dokumento sa ICE tulad ng iyong pasaporte o anumang pangkonsular na identipikasyon maliban na lamang kung sila ay may hawak na nilagdaang “warrant” ng hukom, kung saan nakatala ang mga dokumentong ito. Sa panahon ng pag-aresto, madalas ay iniuutos ng mga ahente ng ICE na tipunin lahat ang iyong mga dokumento sa paglakbay. Ginagawa nila ito upang tulungan ang pamahalaan na ikaw ay madeport. Sabihing, “**Hindi ko nais dalhin ang aking mga dokumento**” o “**Hindi ko nais magbigay ng anumang dokumento.**” HUWAG magbibigay ng peke o imbalidong dokumento.

“Hindi ko pinahihintulutan ang pananaliksik na ito. Nakikiusap ako na kayo ay umalis sa aking bahay.”

“Hindi ko nais dalhin ang aking mga dokumento”

“Hindi ko nais magbigay ng anumang dokumento”

Ano ang dapat kong tandaan kung nasa loob ng aking tahanan ang mga ahente ng ICE?

Sabihin kaagad sa kanila kung: *Kasalukuyang may mga bata o matatanda sa bahay. *Mayroon kang medikal na komplikasyon, buntis o nag-aalaga ng sanggol. *Ikaw ang pangunahing taga-pangalaga ng isang kapamilya at kinakailangan makapaghanap ng magiging taga-pangalaga nito.

Anong mga importanteng impormasyon ang dapat kong tandaan tungkol sa ICE kapag sila ay nasa loob ng aking tahanan?

Importanteng obserbahan mo o ng iyong mga kapamilya ang mga kilos ng mga ahente ng ICE habang sila’y nasa loob ng iyong tahanan at sabihin ang mga obserbasyon na ito sa isang abogado. Maaari itong makatulong sa iyong kaso sa imigrasyon!

Mangyaring gamitin ang seksyon sa likod nito upang maisulat ang mga importanteng detalye pagkaalis ng ICE

Kapag naaresto ang iyong kapamilya, maaring mong isagawa ang emergency plan. Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa iyong mga karapatan sa ICE, bumisita sa www.immdefense.org/ice-arrests KYR@immdefense.org. Para mag-ulat ng raid na naganap sa loob ng NYC, makipag-ugnayan sa IDP sa 212-725-6422.

Ano ang maaari kong gawin kung inaresto ng ICE ang aking kapamilya?

Kapag naaresto ang iyong kapamilya, maaring mong isagawa ang emergency plan. Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa iyong mga karapatan sa ICE, bumisita sa immdefense.org/raids o mag-email sa KYR@immdefense.org.

Upang malaman ang lokasyon ng iyong kapamilya: maghanap online gamit ang locator.ice.gov o hanapin ang numero ng telepono para sa isang partikular pasilidad sa www.ice.gov/detention-facilities.

Upang malaman ang “court date” ng iyong kapamilya: tumawag sa Immigration Court sa 800-898-7180. Kakailanganin mo ang kanilang Alien number (“case number” o “A #”), mayroon itong 8 o 9 na numerong makikita sa lahat ng kanilang dokumento pang imigrasyon. Kung hindi sila nagkaroon ng “A #” bago ma-aresto, isa ay itatalaga para sa kanila.

Sa ibang mga pagkakataon, hindi maaaring makakita ng isang hukom ng imigrasyon ang iyong kapamilya (halimbawa, kung sila ay bumalik nang walang pahintulot mula sa imigrasyon matapos silang ipa-deport).

Siguraduhing idokumento ang mga aksyong ginawa ng ICE habang isinagawa ang pag-aaresto. Maaari itong magamit ng abogado ng iyong kapamilya upang suportahan ang kaniyang kaso sa imigrasyon.

SA PINTUAN:

Petsa: _____ Anong oras ito naganap? _____

Ilang opisyal? _____ Mga Pangalan: _____

Nakalabas ba ng kanilang mga armas o hawak ba nila ang kanilang mga armas? _____

Ano ang nakalagay na identipikasyon sa kanilang mga uniporme? _____

Paano nila ipinakilala ang kanilang sarili at bakit daw sila naroon? _____

Ingles lamang ba ng wika na gamit ng mga ahente, o mayroon bang kumausap sa iyo gamit ang iyong sariling wika? _____

Ano ang sinabi ng ICE upang makapasok sa iyong bahay? Sa anong wika? _____

Sinabi ba nila kung sino ang kanilang pakay? _____

Kung nakatira ka sa bahay, mayroong bang mga ahente ng ICE sa mga bintana at bakuran? _____

Gumamit ba sila ng berbal/pisikal na puwersa (kumakalampag nang husto sa pinto, pagbabanta; panghahawak, panunulak) upang makapasok? Paano? _____

Sino ang nagbukas ng pinto nang sila ay pumasok? Ang tao bang ito ay 16 na taong gulang o mas bata? Kung oo, ilang taon? _____

NANG MAKAPASOK ANG ICE SA BAHAY:

Berbal ka bang tumanggi na sila ay pahintulutang pumasok? Sabi ko: _____

Ano ang kanilang naging reaksyon nang sila ay hindi pinahintulutan ng sinuman na pumasok? _____

Berbal ka bang tumanggi sa pagbigay pahintulot sa pananaliksik? Sabi ko: _____

Ano ang kanilang reaksyon nang sila ay hindi pinahintulutan na manaliksik? _____

Kailan nila sinabi na sila ay mula sa imigrasyon (bago o matapos ang pag-aresto)? _____

Mayroon ba silang mga sinigawan? _____

Hawak ba nila o inilabas ba nila ang kanilang mga armas habang nasa loob ng iyong tahanan? Kung gayon, nagpakilala ba sila bilang ICE bago ito? _____

May pinagbawalan ba silang gumalaw? _____

Pumasok ba sila sa mga kuwarto? Humingi ba sila ng permiso bago ito gawin? _____

Tinignan ba nila ang mga kabinet o mga drawer? Humingi ba sila ng permiso bago ito gawin? _____

Sinabi mo ba na mayroong mga bata sa iyong bahay? Ano ang ginawa nila? _____

May pinosasan ba sila sa harap ng mga bata? _____

Ipinabigay-alam mo ba sakanila ang mga isyu tungkol sa pangangailangan ng tagapag-alaga sa iyong anak o anumang medikal na isyu? Sabi ko: _____

Paano sila tumugon? _____

Kumuha ba sila ng litrato ng mga dokumento? Kung gayon, kaninong mga dokumento? Paano nila nakuha ang mga dokumentong ito? _____

Kumuha ba sila ng mga fingerprint? Kung gayon, kanino? _____